**Abiso sa Pampublikong Pagpupulong**

**Panukalang pagbebenta ng St. Francis Medical Center sa Prime Healthcare Services, Inc.**

Magsasagawa ang Attorney General ng California ng pampublikong pagpupulong na magsisimula sa Biyernes, Hunyo 26, 2020 ng 10:00 AM PDT sa pamamagitan ng teleconference tungkol sa panukalang pagbebenta ng St. Francis Medical Center sa Prime Healthcare Services, Inc.

Bilang tugon sa panganib ng COVID-19, inilabas ni Gobernador Newsom ang Kautusang Tagapagpaganap N-33-20, na nagpoproklama ng State of Emeregency sa California at nag-aatas sa lahat ng indibidwal na naninirahan sa California na manatili sa bahay o sa kanilang tinitirahan, maliban kung kinakailangan upang mapanatili ang pagpapatuloy ng mga pagpapatakbo ng mga kritikal na pederal na sektor ng impraestruktura. Inilabas din ni Gobernador Newsom ang Mga Kautusang Tagapagpaganap na N-25-20 at N-29-20, na nag-aawtorisa sa Attorney General na magsagawa ng pampublikong pagpupulong sa pamamagitan ng teleconference nang hindi nagbibigay ng pisikal na lokasyon kung saan maaaring makadalo ang mga miyembro ng publiko at magbigay ng pampublikong komento.

Makakadalo ang publiko sa pampublikong pagpupulong gamit ang telepono at elektronikong paraan. Maaaring makinig ang mga miyembro ng publiko sa pampublikong pagpupulong, o maaring mag-obserba, makinig, at mag-alok ng komento gamit ang mga paraang inilarawan sa ibaba.

**Nakapaskil ang abisong ito ng pampublikong pagpupulong sa website ng Attorney General kasama ang mga link at tagubilin sa kung paano makadadalo sa pampublikong pagpupulong gamit ang BlueJeans videoconference. https://oag.ca.gov/charities/nonprofithosp.**

Sa kahabaan ng pagpupulong, ilalagay ng moderator sa pagkaka-mute ang lahat ng dadalo. Hindi mo maaaring mano-manong i-mute o tanggalin sa pagkaka-mute ang iyong linya.

## MGA TAGUBILIN SA KUNG PAANO DUMALO NG PAMPUBLIKONG PAGPUPULONG

### Sa computer gamit ang Google Chrome Web Browser o sa BlueJeans Events App

Para sa pinakamainam na karanasan ng user, inirerekomenda ng BlueJeans na gumamit ng web browser na Google Chrome o i-download ang BlueJeans Events App nang libre.

Pahihintulutan nito ang dadalo na mag-obserba, makinig at mag-alok ng komento sa pampublikong pagpupulong. Maaaring magkomento ang dadalo sa pamamagitan ng chat o nang berbal sa pamamagitan ng paggamit ng sumusunod na link:
https://primetime.bluejeans.com/a2m/live-event/fffjytvf

Hilingin na makipag-ugnayan nang live upang mag-alok ng berbal na komento sa pamamagitan ng:

(1) Piliin ang Raise Hand (Itaas ang Kamay) na icon sa kanang bahagi ng iyong screen.
(2) Kapag naaprobahan ng moderator, piliin ang Continue (Ipagpatuloy).
(3) Maililipat ka sa pila ng hintayan.

Mangyaring maghintay na ayain ng moderator na magbigay ng komento bago magsalita. Kung sa gayon ay tatanggalin ng moderator ang pagkaka-mute ng iyong mikropono. **Dapat mayroon kang mikropono upang makapagsabi ng komento.**

**Mobile Device**

Ang paggamit ng mobile device, gaya ng cell phone o tablet, ay magpapahintulot sa dadalo na mag-obserba, makinig at mag-alok ng komento sa pampublikong pagpupulong kung ida-download niya ang aplikasyon ng BlueJeans.

Gamitin ang sumusunod na link upang makilahok sa pamamagitan ng mobile device. Sa opsiyong ito ay kailangang mag-download ang dadalo ng aplikasyon ng BlueJeans at magbibigay-daan ito sa dadalo na mag-obserba sa pampublikong pagpupulong at mag-alok ng pampublikong komento. Maaaring mag-iwan ng komento ang dadalo sa pamamagitan ng chat window o sa pamamagitan ng pagsasalita. Kung hindi ida-download ng dadalo ang aplikasyon ng BlueJeans, maaari lamang siyang makinig at hindi siya maaaring makapagbigay ng komento.

a) Buksan ang link na ito: https://primetime.bluejeans.com/a2m/live-event/fffjytvf

b) I-download ang app kung wala ka pa nito.

c) Ilagay ang ID ng event: fffjytvf

**Telepono**

Ang paggamit ng telepono ay magpapahintulot sa dadalo na makinig sa pampublikong pagpupulong ngunit hindi nito mapahihintulutan ang dadalo na mag-obserba ng pampublikong pagpupulong o mag-alok ng komento.

I-dial ang isa sa mga sumusunod na numero:

a) +1 (415) 466-7000 (US)

Pindutin ang PIN: 1270051 na susundan ng #

b) +1 (760) 699-0393 (US)

Pindutin ang PIN: 2198758648 na susundan ng #

**Suporta ng BlueJeans**

Ang numero ng serbisyo sa customer ng BlueJeans ay: +1 (408) 791-2830
Maaari ding mag-access ng suporta ang mga dadalo sa: https://support.bluejeans.com

**Layunin ng pampublikong pagpupulong**

Ang layunin ng pampublikong pagpupulong ay para makatanggap ng mga komento tungkol sa ipinanukalang pagbebenta ng mga ospital at para isaalang-alang ang Pahayag ng Epekto sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Impact Statements) na inihanda ng mga tagapayo na sinangguni ng Attorney General ng California. Bago ang pampublikong pagpupulong, ang Pahayag ng Epekto sa Pangangalagang Pangkalusugan ay maaaring mahanap sa website ng Attorney General ng California sa http://www.oag.ca.gov/charities/nonprofithosp.

**Hinihikayat na sabihin ng mga tao ang kanilang mga pananaw tungkol sa ipinanukalang transaksiyon sa pamamagitan ng pagsulat sa Tanggapan ng Attorney General ng California, sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa scott.chan@doj.ca.gov, sa pamamagitan ng facsimile (eksaktong kopya ng orihinal) sa (415) 703-5480, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng kopya kay Scott Chan, Deputy Attorney General, sa 455 Golden Gate Avenue, Suite 11000, San Francisco, CA 94102 Ang huling araw para sa pagtanggap ng mga nakasulat na komento ay sa Hunyo 27, 2020, bago lumpias nag 5:00 PM.**

Ang paglalarawan ng abiso sa itaas ay makukuha rin sa ibang wika

Wikang Arabic, Armenian, Cambodian, Chinese (Cantonese), Chinese (Mandarin), Ingles, Farsi, Korean, Russian, Espanyol, Tagalog, at Vietnamese.